*Katolikong Diyosesis ng Saitama*

# Paano Pangasiwaan ang Bagong Sakit na Influenza Q&A

## Delikado ba ang bagong katangian ng Influenza?

Naiulat na ang bagsik ng bagong katangian ng influenza ay hindi iba sa regular na panahonang influenza. Subalit, ito ay bagong sulpot na baktirya at nakilala na may mahabang klase ng impeksiyon. Ito ay nakakahawang impeksiyon na napapalaganap sa pamamagitan ng mga patak na may impeksiyon (spray) galing sa pag-ubo o hatsing, atbp. Gamitin ang kinaugaliang gawain sa pag-iwas sa regular na influenza. Kung ikaw ay mahawa, maging kalmado at humingi ng gamot at magpahinga.

## Naiulat ba sa telebisyon na may mga tao ng namatay?

Pakikuha ng wastong impormasyon sa pamamagitan ng pag-usisa sa "Ministry of Health, Labor and Welfare Information Concerning Influenza A (H1N1) Web Site", (mayroong English) o sa Health Department sa inyong Lunsod o Bayan. Ang mass media ay palaging nagpapalabas ng impormasyon tungkol sa namamatay ngunit sa puntong ito, ang tumbas ng namamatay ay hindi pa naiulat na mas malaki kaysa panahonang lagnat. Ang maagang pagpapapagamot ay napaka-epektibo.

Kahit parang maraming tao ang naapektuhan ng hindi masyadong malalang kaso ng bagong sakit, nalaman na ang bagong sakit na influenza ay minsan ang siyang dahilan ng pneumonia na galing sa virus. Sa ganitong kaso, na maaring maging delikadong banta sa buhay, ang madaliang pagpapa-ospital ang kinakailangan.

## Ano ang lumalabas na mga sintomas?

Pananakit ng lalamunan, matinding sipon, pag-uubo, pagha-hatsing, panginginig sa lamig at lagnat. Pananakit ng kalamnan at tiyan, atbp. ay maaring maramdaman.

Kung magkakaroon ng pananakit sa dibdib, hirap sa paghinga at iba pang mga sintomas, may posibilidad na may pneumonia galing sa virus.

## Kung sa isip ko na ako ay nahawa?

Kung magkakaroon ng sintomas kagaya ng lagnat na may 38 degrees o higit, pananakit ng ulo, kalamnan, atbp. agad tumawag sa telepono ng Health Department ng inyong Prepektura, Lunsod o Bayan (o sa High Fever Consultation Center) at pagkatapos makompirma kung saang ospital kayo makatanggap ng magandang pagpapapagamot, pumunta kaagad sa naturang ospital. Ang gamot na Tamiflu, atbp. ay mabisa. Sundin

ang iniutos ng doctor at inumin ang niresetang gamot para sa iyo hanggang ito ay nainom lahat. Sa panahong ito, huwag dumalo sa Misa o pumasok sa trabaho at magpahinga ng marami.

Kung umubo o humatsing, dapat gumamit tayo ng tissue o mask. Pagkatapos gamitin ang tissue o mask, dapat itapon sa basurahan na may takip.

## Paano ang paghahadlang?

Gamitin ang pamamaraan sa regular na lagnat.

1. Kumain ng balanseng pagkain para lumakas ang katawan at resistensiya sa lagnat.
2. Magmumog at maghugas ng mga kamay.
3. Magsuot ng mask, atbp.
4. Iwasan ang mataong lugar, atbp.

## Paano ang mga pagbibiyahe lalo na sa labas ng bansa?

Kung kayo ay magbiyahe sa labas ng bansa o dito lang, mag-ingat ng mabuti dahil malaki ang posibilidad na mahawa sa loob ng eroplano, atbp. Maging sensitibo sa inyong pisikal na kalagayan sa loob ng isang linggo matapos magbiyahe. Sa panahong iyon, huwag dumalo sa Misa o mga pagtitipon ng maraming tao. Kung maayos ang kalagayan, maaring bumalik sa dating mga gawain.

Sa loob ng linggo pagkatapos magbiyahe, ang mga Pastoral Ministers at ibang mga Ministro, kung maaari ay huwag na kagyat na makisalamuha sa mga tao. Itinagubilin ko na ang mga Misa sa Linggo, atbp. ay gagawing Communion Service na pangungunahan ng mga layko. Nakiusap ako sa inyong pang-unawa at kooperasyon ng mga layko sa ganitong usapin.

## Paano ang pagtanggap ng Komunyon?

Kung magkakaroon ng sinyales ng bagong sakit na influenza na lumaganap sa parokya, huwag tumanggap ng komunyon sa bibig kundi sa kamay. Itigil din ang pagtanggap ng Banal na Dugo sa panahong iyon. Ang pari ay maaring magbigay ng atas kung ang mga Ministro na nagbibigay ng komunyon ay maari bang magsuot ng mask para sa pag-iingat.

## Paano ang pagbisita sa mga ospital?

Mag-ingat sa pagbisita sa ospital upang hindi mahawa ang may sakit at hindi rin mahawa ang bumisitang Ministro. Kung sakaling mahawa ang Pastoral Minister o ibang Ministro, ang wastong pag-aaruga ay dapat gawin upang mabago kaagad ang

kanilang iskedyol at ang ibang Ministro ang papalit sa kanya. Habang nag-iingat para sa kalusugan ng bawat-isa, ituloy ang normal na gawain sa simbahan.

Setyembre 8, 2009
Obispo Tani Daiji